
References:


http://entnemdept.ufl.edu
https://ento.psu.edu/extension
https://blog.plantwise.org



**Twitter:** @Crop Protection D
**Facebook:** Bpi Cropprot / BPI Crop Pest Management


Distributed by:
Plant Health & Pest Status Section
**Copyright 2019**

## CROP PEST MANAGEMENT DIVISION
### Contact Details


**Office of the Chief**
Tel No. (02) 525-2991
TeleFax (02) 523-2426

**Asst. Div. Chief**
Tel No. (02) 523-3853

**Plant Health & Pest Status Section**
Tel No. (02) 524-7353

**Bio-control and IPM Section**
Tel No. (02) 524-0901 / 524-9515

**Pest Forecasting Section**
Tel No. (02) 236-0598

- -

**National Plant Quarantine Services Division (NPQSD)**
Tel No. (02) 251-2267
(02) 251-2262
(02) 251-2272

**DA– Corn Program**
Tel No. (02) 920-4074
agripinoycorn@yahoo.com


**Regional Crop Protection Centers**

| | |
|---|---|
| RCPC, CAR | 0999-888-2865 |
| RCPC, REGION I | (072) 687-1871 |
| RCPC, REGION II | (078) 624-2283 |
| RCPC, REGION III | 0925-568-8332 |
| RCPC, REGION IV-A | (049) 543-0103 |
| RCPC, REGION IV-B | 0909-489-3311 |
| RCPC, REGION V | 0939-906-5608 |
| RCPC, REGION VI | (033) 329-6958 |
| RCPC, REGION VII | (032) 345-3483 |
| RCPC, REGION VIII | (053) 832-2578 |
| RCPC, REGION IX | (062) 925-5186 |
| RCPC, REGION X | 0906-553-4990 |
| RCPC, REGION XI | (082) 221-6010, 293-1499 |
| RCPC, REGION XII | (064) 200-7367 |
| RCPC, CARAGA | 0938-199-7947 |
| RCPC, BARMM | (064) 421-1234, 552-3166 |

# WARNING



Male FAW




Female FAW

# Gabay sa Pamamahala ng Fall Armyworm (FAW)


*Spodoptera frugiperda* (J.E. Smith)
(Lepidoptera: Noctuidae)


*Department of Agriculture*
**Bureau of Plant Industry**
**Crop Pest Management Division**
**692 San Andres Street, Malate, Manila**



*Pinsalang Dulot ng Fall Armyworm (FAW)*

## INOG NG BUHAY




# BIYOLOHIYA

## Itlog

- Ang mga itlog ay karaniwang makikita sa ilalim ng mga dahon, malapit sa puno ng halaman, malapit sa gitna ng dahon at ng tangkay.
- Ang mga itlog ay bilugan na kulay puti, mamulamula o matingkad na luntian.
- Ang bilang ng mga itlog bawat *egg mass* ay nag-iiba-iba, ngunit kadalasan ay sa hanggang dalawang daan ang bilang.
- Ang itlog ay tumatagal ng dalawa hanggang tatlong araw bago mapisa.

## Uod *(Larva)*

- Mayroong anim na parte ng "*larval instar*"
- Ang mga uod ng ikalawa hanggang katlong *"instar"* ay karaniwang nagkakainan (*cannibalistic)* at kadalasang resulta ay iisang uod lamang ang nabubuhay.
- May palatandaang mapusyaw na kulay na nakabaliktad na letrang "Y" sa mukha ng pinakamatandang "*instar*".
- Ang mga uod ay tumatagal mula 14-22 araw hanggang mahulog sa lupa upang maging uod-tulog.

## Uod-tulog *(Pupa)*

- Matingkad na kulay tsokolate ang mga uod-tulog
- Ang pagiging uod-tulog ay magaganap sa lupa sa lalim na dalawa hanggang walong sentimetro.
- Ang uod ay gagawa ng hugis habilog na bahay (cocoon) na may habang 20-30 mm .
- Kapag masyadong matigas ang lupa, maaaring magkumpulan ang mga uod at gamitin ang mga labi ng dahon upang makapagbuo ng bahay-uod.
- May pagkakataon din na nakikita sa busal ng mais ang mga uod-tulog.
- Ang yugto ng pagiging uod-tulog ay tumatagal ng 8-9 na araw kapag tag-init at umaabot ng 20-30 araw naman tuwing taglamig.

## Matandang Aliparo *(Adult)*

- Ang laki ng matandang aliparo ay karaniwang 20-25 mm na may wingspan na 30-40 mm.
- Ang buhay nito ay karaniwang tumatagal ng 7-21 araw at kadalasan ay higit-kumulang sampung araw.
- Ang mga adult ay aktibo sa gabi kapag medyo mainit.
- Ang unahang pakpak ng lalaki ay may pinaghalong kulay na mapusyaw na kayumanggi at abo, ang babae naman ay mapusyaw na kayumanggi lamang.

## Alternatibong pagkain ng Fall Armyworm

Palay, trigo, batad *(sorghum)*, *tubo, alfalfa*, paayap, mani, patatas, balatong o utaw at bulak

## Mga Sintomas ng Pinsala

- Ang bagong pisang uod ay nanginginain sa ibabaw ng dahon at tainga ng mais
- Samantala, ang matatandang uod ay mas gustong manginain sa mga parte na may bunga.
- Ang pinsala sa dahon ng mais ay kadalasang mailalarawan sa pamamagitan ng sira-sira at mamasamasa na may mala-pulbos o mala-kusot na pinagkainan ng insektong malapit sa *whorl* at sa itaas na bahaging mga dahon ng halaman.
- Ang uod ay gumagawa ng butas pabilog at kadalasang napapaligiran ng dumi ng uod
- Ang pinsala sa tainga ng mais ay katulad sa pinsala dulot ng corn earworm (sira-sirang ubod o *kernels* at napapaligiran ng dumi ng uod)

## Mga Rekomendasyon sa Pamamahala sa Peste

- Malawakang kampanya tungkol sa FAW
- *Integrated pest management*
- Pag-iwas (*Prevention and Avoidance*): Istratehiyang pangregulasyon, kulturang pamamaraan
- Pagbabantay (*Monitoring*): Bantayan ang populasyon ng lalakeng paru-paro sa paggamit ng "pheromone" na pansilo
- Paggamit ng *biological control agents* tulad ng *Trichogramma evanescens*, earwig, lacewing, NPV, at *Mettarhizium*
- Gumamit ng kemikal na pamuksa o pestisidyo bilang panghuling solusyon.